Ako si Yui ng Mataas na Paaralan ng Nishio. Ako ay nanggaling sa Tsina.
Dumating ako sa Japan noong unang taon ng junior high school. Ikaapat na taon ko na ngayong taon dito sa Japan. Wala akong kaalam-alam sa wikang Hapon noong kakarating ko pa lang sa Japan, ngunit pagkatapos kong mag-aral ng 3 buwan sa Sōkitekiō Kyōshitsu ay natuto akong mgasalita ng mga salitang pang-araw-araw. Sa paaralan ko sa Tōbu Junior High School, napakabait ng turing sa akin ng mga guro, at kinakausap ako ng aking mga kamag-aral sa Ingles na madali kong maintindihan.
Kahit na maganda ang kalagayan ko noong ako ay nasa unang taon ng junior high, hindi pa rin ganoon kabuti ang aking pag-aaral. Halos pinakahuli ang grado ko sa una kong pagsusulit sa junior high kaya lubos akong nalungkot. Subalit nagpapasalamat pa rin ako sa pagturo nang maigi at madali, at pagbigay ng payo ng mga guro sa akin.

Nagsimula akong mag-isip na kailangan ko nang magsikap sa pag-aaral noong tag-init ng ikalawang taon ko sa junior high school.

Dahil sinabihan ako ng aking guro na, “Hindi ka makakapasok sa mataas na paaralan kapag ganyan ang grado mo,” nagpasya akong pumasok sa cramming school upang mag-aral nang mabuti. Sa cramming school, mas mabilis umabante ang pag-aaral, at may mga ensayong pagsusulit. Lubos na pinahalagahan ko ang paghahanda sa klase at mga esnsayong pagsusulit.

Noong tag-init ng ikatlong taon ko sa junior high school, nagsarili akong mag-aral ng halos 5 oras tuwing Lunes hanggang Biyernes, at 10 oras tuwing Sabado at Linggo.
Pumasa ako sa Mataas na Paaralan ng Nishio na may 34 na puntos na *naishinten* (grado), at 85 puntos sa araw ng pagsusulit.
Ngayon ay kasali ako sa archery club, at napagsasabay ko nang maayos ang aking club at pag-aaral.
Sa unang markahang pagsusulit sa mataas na paaralan, nakakuha ako ng 926 na puntos sa 1100 puntos na pagsusulit, at ako ay ika-17 sa lahat ng estudyanteng nasa unang taon.
Ngayon ay nagpapakasaya ako sa aking buhay sa paaralan. Ginagawa kong makabuluhan ang aking bawat araw. Magandang paaralan ang mataas na paaralan ng Nishio.
Napakabait makipag-usap ng mga guro, at parehong pinagtutuunan ang club at pag-aaral dito.
Nais kong maging programmer, kaya magsisikap ako at hindi ako susuko hanggang makamit ko ang pangarap kong ito. Gusto kong ipaalam sa inyo na sa halip na isipin ninyong “Hindi ko kaya dahil dayuhan ako,” isipin ninyong “Dahil dayuhan ako, dapat kaya ko.” Imbis na gawin nating dahilan ang pagiging dayuhan, pinili nating manatili sa Japan kaya bilang isang dayuhan, dapat huwag tayong magpatalo sa mga Hapon at kayanin din natin. Kapag aktibo kang mag-isip, at gawin mo nang maayos ang makakaya mo, tiyak na makikita mo ang resulta ng pinaghirapan mo. Kaya magsikap din kayo sa pag-aaral at aktibidad ng club.